

PapScreen Victoria

Fact sheet

Filipino

Mga di-pangkaraniwang resulta ng Pap test

Ano ang Pap test?

Ang Pap test ay isang madali at magaanang pagsusuri upang siyasatin kung mayroong mga di-pangkaraniwang pagbabago sa selula ng bahaybata o matris. Kung ang mga pagbabagong ito ay makita at makontrol nang mas maaga, maaaring maiwasan ang higit sa 90 porsiyento ng pinakapangkaraniwang kanser ng matris.

Ano ang ibig sabihin ng di-kasiya-siyang Pap test?

Ang di-kasiya-siyang Pap test ay nangangahulugan na ang mga kawani ng laboratoryo ay hindi nakikita nang mabuti ang mga selula upang sila ay makapagbigay-ulat. Sa ganitong kaso, maaari kayong sabihan na ulitin ang inyong Pap test. Hindi ito dahilan para kayo ay mabahala.

Minsan, ang Pap test ay maaaring magpakita ng mga palatandaan ng pamamaga. Kung ang Pap test ay kasiya-siya, sasabihan kayong magkaroon ng inyong susunod na Pap test pagkatapos ng dalawang taon.

Ano ang ibig sabihin ng di-pangkaraniwang Pap test?

Ang di-pangkaraniwang resulta ng Pap test ay nangangahulugan na ang ilang mga selula ng matris ay may kaibahan sa ilang paraan sa mga karaniwang selula. Nangyayari ito sa humigit-kumulang sa 1 hanggang 15 Pap test. Ang di-pangkaraniwang resulta ay bihirang nangangahulugan na may kanser sa matris, at ito ay maaaring maging di-pangkaraniwan batay sa maraming dahilan.

Mga uri ng di-pangkaraniwang kalagayan

Ang mga di-pangkaraniwang kalagayan ay maaaring may mababang grado o mataas na grado.

Mga mababang grado ng di-pangkaraniwang kalagayan

Ito ay mga maliit o hindi lubhang mahalagang pagbabago na karaniwan ay naglalaho sa kabuuan ng panahon. Karamihan sa mga di-pangkaraniwang kalagayan ay dahil sa impeksiyon ng Human Papilloma Virus (HPV). Napaka-pangkaraniwan ng HPV at 4 sa 5 babae ay malalantad sa HPV sa anumang pagkakataon sa kanilang buhay. Karamihan sa mga babaing may HPV ay hindi magkakaroon ng kanser sa matris.

Ang HPV ay maaaring mapasalin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayang sekswal. Inaalas ng katawan ang buhay na virus sa loob ng isa o dalawang taon. Kapag ang ilang uri ng HPV ay nanatili ng ilang taon, mayroong karagdagang panganib ng kanser ng matris.

Paggamot ng mga di-pangkaraniwang kalagayan na may mababang grado

Kapag ang nakaraan ninyong Pap test ay normal, papayuhan kayo ng inyong doktor ay bumalik para ulitin ang Pap test pagkatapos ng isang taon. Ito ay nagbibigay sa katawan ng pagkakataon upang mawala ang impeksiyon ng HPV at upang ang di-pangkaraniwang kalagayan ay malutas nito mismo.

Kapag ang resulta ng inulit ng Pap test ay di-pangkaraniwan, sasabihan kayo ng inyong doktor na sumangguni sa isang espesyalista para kayo ay kumuha ng colposcopy. Kabilang dito ang paggamit ng inyong doctor ng isang instrumentong tinatawag na colposcope, na nagbibigay ng isang malakihang larawan ng matris upang suriin ang laki at uri ng di-pangkaraniwang kalagayan.

Ang ibang babae na mayroong di-pangkaraniwang kalagayan na may mababang grado ay kagyat na pinapakuha ng colposcopy nang hindi na kailangang ulitin pa ang kanilang Pap test.

Mga mataas na grado ng di-pangkaraniwang kalagayan

Ang mga di-pangkaraniwang kalagayan na may mataas na grado ay mas malubhang pagbabago ng mga selula sa matris, na kapag napabayaan at hindi nagamot ay may mas malaking pagkakataon na mauwi sa kanser sa matris. Kadalasan ang mga mataas na grado ng di-pangkaraniwang kalagayan ay nagiging kanser sa matris pagkatapos ng sampung taon.

Paggamot sa di-pangkaraniwang kalagayan na may mataas na grado

Kapag kayo ay mayroong di-pagkaraniwang kalagayan na may mataas na grado, imumungkahi ng inyong doktor na sumangguni kayo sa isang espesyalista upang magkaroon ng karagdagang imbestigasyon sa pamamagitan ng paggamit ng colposcopy. Habang kayo ay nasa colposcopy, maaaring kunin sa inyong katawan ang isang maliit na sampol ng tisyu (biopsy) na ipapadala sa laboratoryo upang masuri.

Mayroong ilang pagpipiliang pamamaraan ng paggamot, bataysa kalubhaan ng di-pangkaraniwang kalagayan. May iba't ibang paraang ginagamit sa pagtanggali ng mga di-pangkaraniwang selula sa matris, at karamihan nito ay kailangan lamang ng isang araw na pagtigil sa ospital.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga resulta ng Pap test at di-pangkaraniwang mga kalagayan o kung nais ninyong mag-order ng buklet - Pap test Results- A guide for women with an abnormal Pap test, kontakin ang The Cancer Council Victoria's Cancer Helpline sa 13 11 20 o bumisita sa website na: www.papscreen.org.au

Para sa karagdagang impormasyon sa wikang Pilipino tumawag sa 03 9209 0169

An English version of this fact sheet can be found at www.papscreen.org.au